



PATNUBAY SA MISA



30 Oktubre 2016

Ika-31 Linggo sa Karaniwang Panahon

Taong K

LINGGO NG KAMALAYAN SA MGA BILANGGO

“KUNG SAAN MAY LUMBAY, HATID KO’Y PAG-ASA”

Ang Ebanghelyo ngayon ay tungkol kay Zaqueo, na umakyat sa puno ng sikomoro para lamang matanaw si Hesus. Ang pananabik niyang makita si Hesus ay nagbunga ng pag-asa nang tawagin siya ni Hesus at nagprisinta itong makikain sa bahay ni Zaqueo. Laking pagbabago kay Zaqueo ang idinulot ng ganitong pakikipagtagpo kay Hesus! Pinatutunayan nito kung paanong dahil sa pagmamahal at habag, ang pangungulila, hinanakit, at kawalan ng pag-asa ay napagbabago sa bukas na isipan, kabutihang-loob, at pag-asa.

Ngayong Ika-31 Linggo sa Karaniwang Panahon, mapag-isip sana nating ang gayong kagandang pagbabago ay maaaring maganap sa mga makasalanan sa paligid natin kung susundan natin ang halimbawa ni Hesus kay Zaqueo, kung ipadarama natin sa kanila ang habag ng tunay na kapatid.

Ngayong Linggo ng Kamalayan sa mga Bilanggo, isaisip natin ito sa pag-aalay natin ngayon ng Eukaristiya para sa lahat ng nangangailangan ng pagbabagong-buhay at para rin sa ating sarili.



PASIMULA



Pambungad

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Ako’y huwag mong iiwan, D’yos ko. Huwag mong layuan akong ngayo’y nagdarasal. Ako ay iyong tulungan, Poong aking kaligtasan.

Pagbati

P– Ang biyaya at kapayapaan ng Diyos Ama, Panginoong Hesukristo, at Espiritu Santo ay sumainyong lahat!
B–At sumaiyo rin!

Pagsisisi

P– Inanyayahan tayo ng Panginoong maging kasangkapan ng pag-asa. Alalahanin natin kung paano tayong tumugon sa gayong panawagan. (Manahimik sandali.)

P–Panginoong Hesus, tinawag mo si Zaqueo at binihisan mo ng pag-asa ang kanyang pangungulila at lumbay. Panginoon, kaawaan mo kami!

B–Panginoon, kaawaan mo kami!

P–Panginoong Hesus, sa iyong muling pagkabuhay, binigyan mo ng pag-asa at buhay ang lahat ng nagdusa ng panlipunan o moral na kamatayan. Kristo, kaawaan mo kami!

B–Kristo, kaawaan mo kami!

P–Panginoong Hesus, nanawagan kang itatag namin ang iyong kaharian sa lahat ng tao, at sa gayo’y maghatid ng pag-asa sa mga nalulumbay. Panginoon, kaawaan mo kami!

B–Panginoon, kaawaan mo kami!

P– Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

B– Amen!

Papuri

B– Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa’y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbunyi ka namin, pinasasalamatan ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong

Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sa-pagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen!

Panalangin Pambungad

P–Ama naming makapangyarihan, ang paglingkuran ka ayon sa iyong kasiyahan ay kaloob na iyong ibinibigay sa iyong mga hinirang. Gawin mong ang iyong mga pangako ay aming mapakinabangan ayon sa paraang iyong kinalulugdan sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
B– Amen!

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS



Unang Pagbasa Kar 11:22-12:2

Ipinagtataka natin kung minsan ang pambihirang pasensiya ng Diyos sa mga makasalanan. Dulot ng maikling siping ito buhat sa Aklat ng Karunungan ang sagot na batay sa katotohanang ang Diyos ay siyang lumikha ng lahat at nagmamahal nang gayon na lamang sa Kanyang mga nilikha.

L—Pagpapahayag mula sa Aklat ng Karunungan

Panginoon, sa iyong paningin, ang buong daigdig ay para lamang isang butil na buhangin na di halos makatikwas ng timbangan; para lamang isang patak ng hamog sa umaga sa pisngi ng lupa.

Labis-labis ang kapangyarihan mo para gawin ang anuman, ngunit mahabagin ka sa bawat kinapal; pinagpapaumahan mo ang aming mga pagkukulang, at binibigyan mo kami ng panahong makapagsisi. Mahal mo ang lahat ng bagay, at wala kang hinahamak sa iyong mga nilalang. Kung hindi gayon, ay bakit mo pa sila nilikha? Walang anumang bagay na mananatili kung hindi mo kalooban, at walang makapagpatuloy kung hindi mo nilalang. Ipinahintulot mong manatili ang bawat nilikha sapagkat bawat isa ay sa iyo. Ang lahat ng nabubuhay ay mahal mo, Panginoon.

Ang diwa mong walang kamtayan ay nasa kanilang lahat, kaya unti-unti mong itinuwid ang mga nagkakasala. Ipinaaalaala at binabalaan mo sila sa kanilang mga ginawa, upang iwanan na nila ang kanilang masamang pamumuhay at sa iyo sila manalig, Panginoon.

Ang Salita ng Diyos!

B—Salamat sa Diyos!

Salmong Tugunan Awit 144

B—Diyos ko at aking Hari, pupurihin kitang lagi!

R. M. Velez

Musical notation for the hymn "Diyos ko at aking Hari, pupurihin kitang lagi!". The notation is in 3/4 time and features two staves. The first staff has a treble clef and a key signature of one flat (Bb). The notes are: Eb (quarter), Gm/D (quarter), Cm (quarter), Cm/Bb (quarter), Eb (half). The second staff has a treble clef and a key signature of one flat (Bb). The notes are: AbM7 (quarter), Bb (quarter), Eb (quarter), Eb (half). The lyrics are: "D'yos ko at a-king Ha--ri, pu-pu--ri--hin ki-tang la---gi!"

* Ang kadakilaan ng Diyos ko at Hari, aking ihahayag, di ko titigilan magpakailanman ang magpasalamat, aking pupurihi't pasasalamatan siya araw-araw, di ako titigil ng pasasalamat magpakailanman. **B.**

* Ang Panginoong D'yos ay puspos ng pag-ibig at lipos ng habag, banayad magalit, ang pag-ibig niya'y hindi kumukupas. Siya ay mabuti at kahit kanino'y hindi nagtatangi; sa kanyang nilikha, ang pagtingin niya ay mamamalagi. **B.**

* Magpupuring lahat sa iyo, O Poon, ang iyong nilalang; lahat mong nilikha ay pupurihin ka't pasasalamatan. Babanggitin nilang tunay na dakila ang 'yong kaharian, at ibabalitang tunay kang dakila't makapangyarihan. **B.**

* Di ka bibiguin sa mga pangako pagkat ang Diyos ay tapat, ang kanyang ginawa kahit ano ito ay mabuting lahat. Siya'y tumutulong sa lahat ng tao na may suliranin; yaong inaapi'y inaalish niya sa pagkagupiling. **B.**

Ikalawang Pagbasa 2 Tes 1:11-2:2

Ang siping ito ay isang simpleng dasal ni San Pablo para sa mga Kristiyanong taga-Tesalonica. Tinitiyak dito ang Ikalawang Pagdating ng Panginoon.

L—Pagpapahayag mula sa Ikalawang Sulat ni Apostol San Pablo sa mga Taga-Tesalonica

Mga kapatid: Lagi namin kayong isinasama sa aming mga dalangin sa Diyos na nawa'y maging karapat-dapat kayo sa pagkatawag niya sa inyo. At ipagkaloob nawa niya sa inyo sa pamamagitan ng kanyang kapangyarihan ang lahat ng mabuti ninyong hangarin at lubusin ang inyong mga gawang bunga ng pananampalataya. Kung magkagayon, mabibigyan ninyo ng karangalan ang pangalan ng ating Panginoong Hesus, at kayo naman ay bibigyan din ng karangalan ayon sa kagandahang-loob ng Diyos at ng Panginoong Hesukristo.

Tungkol naman sa pagparito ng ating Panginoong Hesukristo at sa pagtitipon niya sa atin, ipinamamahirik namin sa inyo, mga kapatid, na huwag kayong magugulat agad o mababahala sa balitang dumating na ang Araw ng Panginoon. Huwag kayong maniniwala kahit sabihin

nilang ito'y hula o pahayag, o kaya'y sulat na galing sa amin.

Ang Salita ng Diyos!

B—Salamat sa Diyos!

Aleluya

Jn 3:16

B—Aleluya! Aleluya!

Kaylaki ng pagmamahal ng Diyos sa sanlibutan kaya't Anak n'ya'y 'binigay. Aleluya! Aleluya!

Mabuting Balita Lu 19:1-10

Sa salaysay na ito tungkol kay Zaqueo, pinatutunayan ang mga parabula ng Nawawalang Tupa at ng Nawawalang Salapi. Di lamang tinatanggap ng Diyos ang nagsisising makasalanan, gaya ng nalaman natin noong isang Linggo, kundi sadyang nagsisikap sa paghahanap sa nawawala upang ibalik sila kung saan marapat.

P—Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Lucas

B—Papuri sa iyo, Panginoon!

Noong panahong iyon, pumasok si Hesus sa Jerico, at naglakad sa kabayanan. Doo'y may isang mayamang puno ng mga publikano na nagngangalang Zaqueo. At pinagsikapan niyang makita si Hesus upang makilala kung sino ito. Ngunit siya'y napakapandak, at dahil sa dami ng tao, hindi niya makita si Hesus. Kaya't patakbo siyang nagpauna at umakyat sa isang puno ng sikomoro upang makita si Hesus na magdaraan doon. Pagdating ni Hesus sa dakong iyon, siya'y tumingala at sinabi sa kanya, "Zaqueo, bumaba ka agad, sapagkat kailangan kong tumuloy ngayon sa bahay mo." Nagmamadali siyang bumaba, at tuwang-tuwang tinanggap si Hesus. Lahat ng nakakita nito ay nagbulung-bulungan. "Nakikituloy siya sa isang makasalanan," wika nila. Tumayo si Zaqueo at sinabi, "Panginoon, ibibigay ko po sa mga dukha ang kalahati ng aking ari-arian. At kung ako'y may nadayang sinuman, apat na ibayo ang isasauli ko sa kanya." At sinabi sa kanya ni Hesus, "Ang kaligtasa'y dumating ngayon sa sambahayang ito; lipi rin ni Abraham ang taong ito. Sapagkat naparito ang Anak ng Tao upang hanapin at iligtas ang naligaw."

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

B—Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!

Homiliya

Sumasampalataya

B—Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkawatang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

Panalangin ng Bayan

P—Pinukaw ng matiyagang pag-ibig ng Diyos, pinagtitibay natin ang ating katapatan at idinudulog sa kanya ang ating mga kahilingan habang nanalangin tayong:

B—Maawaing Panginoon, dinggin mo kami!

* Nawa huwag mawalan ng pag-asa ang Simbahan sa pagpapabalik-loob ng mga makasalanan at pagganyak sa kanilang mamuhay alinsunod sa Ebanghelyo. Manalangin tayo! **B.**

* Nawa ang mga pinuno nating espirituwal ay lagi nating maging inspirasyon sa pakikitungo sa mga naliligaw ng landas at sa paghangad ng kanilang kaligtasan. Manalangin tayo! **B.**

* Nawa lahat ng naglalakad sa madulas na daan ng kasamaan ay maliwanagan sa pagkilala ng panganib ng kanilang sitwasyon at tanggapin nila ang paanyaya ng Diyos na sila'y magbalik na sa Kanya. Manalangin tayo! **B.**

* Nawa matuto ang mga magulang, guro, at katekista sa pasensiya ng Diyos sa mga makasalanan at tuwinang pakitunguhan ang

kabataan sa paraang ikabubuti nila. Manalangin tayo! **B.**

* Nawa matanggap ng mga biktima ng krimen na sa pamamagitan lamang ng pagpapatawad sila lubos na mapagagaling at mapalalaya sa kapangyarihan ng mga nagkasala sa kanila. Manalangin tayo! **B.**

* Nawa mapag-isip ng lahat ng bilanggo at kriminal ang samang kanilang nagawa at matuto silang humingi ng patawad ng Diyos at ng mga taong kanilang nasaktan. Manalangin tayo! **B.**

* Nawa ang lahat ng naglilingkod sa mga bilangguan ay laging pasiglahin ng mapagpatawad na pag-ibig ng Diyos at nawa'y matulad sila sa Kanya. Manalangin tayo! **B.**

* Tahimik nating ipanalangin ang ating mga pansariling kahilingan. (*Tumigil saglit.*)

Manalangin tayo! **B.**

P—Panginoong Hesus, Mabuting Pastol ng aming mga kaluluwa, tumuloy ka nawa at baguhin ang aming kalooban. Tibayan mo ang aming pangakong maging tapat na gaya ni Zaqueong pinukaw ng iyong maawaing pagsuyo. Ikaw na nagpapatawad at nabubuhay nang walang hanggan.

B—Amen!



P—Manalangin kayo . . .

B—Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.

Panalangin ukol sa mga Alay

P—Ama naming Lumikha, ang paghahain naming ito ay maging dalisay nawa at maging banal na pakikinabang namin sa iyong awang dakila sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B—Amen!

Paspasyo VII

P—Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamatan.

Kahit na ikaw ay pinagtaksilan ng sangkatauhan, ikaw ay patuloy pa rin sa iyong pagmamahal. Ikaw na ang nagpuno sa aming pagkukulang; ikaw pa rin ang nagsugo ng tutubos sa tanan. Ang sugo mong Anak ay naging di na iba sa amin bagama't di niya tinularan ang aming pagkamasuwayin. Niloob mo ito upang iyong mamalas sa aming pagkatao ang giliw mong Anak at kami'y tunguhan mong may pag-ibig na tulad ng pagtatangi mo sa kanya nang higit sa lahat. Ang katapatan niya sa iyong walang maliw ay nagpanumbalik na muli sa amin ng iyong kasiyaha't ng iyong pagtingin na aming iwinaksi noong ikaw ay aming suwayin.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

B—Santo, santo, santo Panginoong Diyos ng mga hukbo. Napupuno ang langit at lupa ng kadakilaan mo. Osana sa kaitaasan!

Pinagpala ang naparirito sa ngalan ng Panginoon. Osana sa kaitaasan!

Pagbubunyi

B—Si Kristo ay gunitaing sarili ay inihain bilang pagkai't inuming pinagsasaluhan natin hanggang sa siya'y dumating.



B—Ama namin . . .

P—Hinihiling namin . . .

B—Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!

Paanyaya sa Kapayapaan

Paghahati-hati sa Tinapay

B—Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. (2x)

Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, ipagkaloob mo sa amin ang kapayapaan.

Paanyaya sa Pakikinabang

P—Ito ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.

B– Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.

Antipona ng Pakikinabang
(Ipahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Kami ay iyong turuan ng landasing patunguhan sa buhay na hahantungan. Sa harap mo’y makakamtan ang lubos na kagalakan.

Panalangin Pagkapakinabang

P– Ama naming mapagmahal, magkaroon nawa ng karagdagan bunga ang iyong ginagampanan sa aming banal na pakikinabang upang sa aming pagsasalo maging

handa kaming tumanggap sa katuparan ng pangako mo sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B– Amen!



P– Sumainyo ang Panginoon.

B– At sumaiyo rin!

P– Magsiyuko kayo at ipanalangin ang pagpapala ng Diyos. (Manahimik sandali.)

Tulutan nawa ng Diyos na kayo’y maging mahabagin at mapagmalasakit sa mga

nawawalay sa Kanya.

B– Amen!

P– Patatagin Niya nawa kayong mamuhay nang marapat sa kabila ng mga tukso.

B– Amen!

P– Puspusin nawa kayo ng pagmamahal sa Kanya, sa inyong bayan, at sa inyong kapwa.

B– Amen!

P– Pagpalain nawa kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo.

B– Amen!

P– Humayo kayo sa kapayapaan upang mahalín at paglingkuran ang Panginoon.

B– Salamat sa Diyos!

Si Hesus, ang Dakilang Tagapagligtas ng mga Kaluluwa

Salapi ang pangunahing pinagtutuunan ng kolektor ng buwis sa buong Imperyong Romano, pati na sa Palestina. Palibhasa lahi sila ng mga masusugid na nilalang, tingin nila sa mga tao ay halos tanging buhat sa pananaw ng maaari nilang mapakinabangan sa kanila. Kaya naman, sila’y kinamumuhian, ngunit di nila ito alintana, makuha lamang ang ibig nila.

Si Zaqueo, ang punong kolektor ng buwis sa Jerico, ay kinamumuhian di lamang dahil sa kanyang gawain, kundi hinahamak pa rin siya dahil sa kanyang pagiging pandak. At kailanma’t magkaroon sila ng pagkakataong siya’y magantihan, tuwang-tuwa nila itong ginagawa.

Kaya nga, nang papasok si Hesus sa Jerico at pinagkakaguluhan ng mga tao, natulak sa likuran si Zaqueo. Ngunit palibhasa’y maparaan, siya’y umakyat na parang isang bata sa isang kalapit na puno kung saan matatanaw niya ang pagdaraan ni Hesus.

Wala namang masamang hangad si Zaqueo. Ibig lamang niyang makita si Hesus. Di niya sukat akalaing ang pag-akyat niya sa puno ay siya niyang ikapagbabagong-loob – at sa katunayan – siya niyang ikinapagbagong-buhay, pagkat di lamang niya nakita si Hesus, kundi siya’y nakita ni Hesus.

Nakita ni Hesus si Zaqueo kung paanong nakikita ng Diyos ang mga tao – lubusan – pati ang kanyang pinakalihim na isipan, hangarin, takot, pangangailangan . . . Nakita ni Hesus ang *kahirapang espirituwal* ng mayamang kolektor ng buwis, ang pananabik nitong siya’y matanggap ng

kanyang kapwa, at ang pangangailangan niyang maligtas. Ang pag-aanyaya ni Hesus sa kanyang sarili sa bahay ni Zaqueo ay ikinagulat ng mga tao nang gayon na lamang (*sangguniin Lu 19:7*), ngunit ikinapagbagong espirituwal ng kinamumuhian at hinahamak na kolektor ng buwis. Ang maamo’t mapagligtas na larawan ni Hesus ay waring nakatunaw sa kasakiman at katusuhan ni Zaqueo. Isang taong nabago na nang bumaba sa puno, isa nang bagong Zaqueo, masigla’t nag-uumpaw sa kaligayahang maaari lamang magbuhat sa mapagligtas na biyaya ng Diyos.

Sa gayong bago niyang tuklas na yaman – ang pag-ibig ni Hesukristo – lahat ng kayamanan ni Zaqueo ay nagmistulang walang anuman. Alinsunod sa kanyang bago nang pananaw, si Zaqueo ay nagpahayag ng kahandaan niyang ibigay sa mahihirap ang kalahati ng kanyang mga ari-arian, at ibalik kung anuman ang kanyang mga nadaya sa iba. (*Sangguniin Lu 19:8*.)

Nang araw ngang iyon, dumating ang kaligtasan sa sambahayan at puso ng makasalang hinamak ng lahat, ngunit hindi ng Diyos. Di tulad ng marami sa ating mapagmapuri’t nanghahamak sa mga makasalanan, ipinagpapaumanhin Niya ang mga kasalanan ng mga tao upang sila ay makapagsisi. (*Sangguniin Kar 11:23*.) Sa katunayan, hinihigitan pa Niya iyon at Kanyang “hinahanap at inililigtas ang naliligaw” (*Lu 19:10*), pagkat wala Siyang hinahamak sa Kanyang nilalang at tunay nga Siyang “mapagmahal sa mga kaluluwa.” (*Sangguniin Kar 11:24 at 26*.)



**WORD & LIFE
PUBLICATIONS**

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila

Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines

Tel. Nos. 894-5401; 894-5402; 892-2169 • Telefax: 894-5241 • Website: www.wordandlife.org

• E-mail: marketing@wordandlife.org, wordandlifepublications@gmail.com • FB: Word & Life Publications

• Editorial Team: Fr. S. Putzu, C. Valmonte, G. Ramos, R. Molomog, D. Daguio, V. David

• Illustrations: A. Sarmiento, B. Cleofe • Circulation: F. Edjan